Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG NUEVA EIJA
BAYAN NG MUÑOZ
BARANGAY VILLA SANTOS

KASAYSAYAN NG VILLA SANTOS ELEMENTARY SCHOOL

Ang Villa Santos Elementary School ay unang itinayo noong 1957 sa bandang Norte o Laud kung tawagin. Mayroon lamang isang silid-aralan ng Grade 1 at Grade 2 na tinuruan ni Gng. Dallo. Subalit makalipas ang ilang taon, ito ay nagsara sa kadahilanang kakaunti lamang ang mag-aaral.

Makalipas ang ilang taon ay nagpagawa ng silid aralan sag gawing Amianan subalit ito ay nasira ng bagyo kaya ito ay nailipat nanaman ng lokasyon. Ito ay nailipat sa Sentro kung saan sila ay humiram lamang ng silid na matatagpuan sa tabi ng Villa Santos Baptist Church.

Makalipas ang ilang taon ay nailipat na sa kinatatayuan nito ngayon matapos magbigay ng lupang pagtatayuan si G. Bustos. Ito ay tinayuan ng silid-aralan na pinagsama na ang Gade 1 at Grade 2 na tinuuan ni Gng. Evelyn Bocatot at ito ay tinawag na Villa Santos Primary School. Makalipas ang humigit kumulang 10 taon ito ay nagkaroon narin ng karagdagang silid-aralan kung saan nagsama naman ang Grade 3 at Grade 4.

Taong 2012 nagpatayo ng dalawang panibagong silid aralan dahil sa kabutihan ni Congressman Joseph Violago para sa Grade 5 at 6. Na, nasundan pa ng dalawang bagong silid aralan taong 2013 na proyekto naman ng Deped.

Taong 2014 ang Villa Santos Primary School ay nakumpleto na mula Kindergarten hanggang Grade 6 at ito ay ganap nang tinawag na Villa Santos Elementary School.

Muli ay may proyektong handog ang ating Lokal na Pamahalaang Munoz na isa pang silid-aralan para sa Kindergarten noong 2016.

Hindi natapos ang mga tulong na dumating sa Paaralan ng Villa Santos dahil taong 2017, nagpatayo muli ng dalawang panibagong silid-aralan mula sa Deped. Dahil dtto nagkaroon nang kani-kaniyang silid-aralan ang mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Grade 6.

Patuloy ang pagbuhos ng biyaya sa Villa Santos Elementary School. Taong 2018 ay nagkaroon muli ng proyekto ang Deped na dalawang palapag na gusali. Natapos ito noong 2019 at ginagamit na bilang silid aralan.

Sa kasalukuyan ay mayroong anim na mga gusali , pitong mahuhusay na guro at isang masipag na Punong Guro ang Paaralang Elementarya ng Villa Santos.